All About Young Children
Information for Families on Children's Early Development

MGA IMPORMASYON SA MGA EDAD NG BATA

8 buwan *hanggang* 18 buwan

PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

Paano natututong magsalita ang mga bata?

Buod ng Lengguwahe at ng Kakayahang Bumasa't Sumulat

Ang mga bata ay isinilang na handang makipag-usap at matuto ng lengguwahe. Sa pakikinig sa mga usapan ng kanilang pamilya, sa kalaonan masisimulang tukuyin ng mga bata ang mga pamilyar na tunog at bumuo ng mga bukabyularyo ng mga salita na naiintindihan nila, bago pa sila makapagsalita. Ang kakayahan ng mga bata na makaintindi ng lengguwahe ay tinatawag na "receptive language."

Sa una, ang mga sanggol ay nakikipag-usap sa pamamagitan ng paggawa ng mga tunog, hal., pag-iyak, at sa pamamagitan ng mga galaw. Sa paglapit nila sa edad na bagu-bago pa lamang maglakad, nagsisimula silang gumamit ng mga ilang salitang pamilyar at, sa 4 at 5 taon, marami na silang bokabularyo at nasusunod na ang mga panuntunan ng gramatika kapag sila'y nakikipag-usap gamit ang lengguwahe. Ang kakayahan ng mga bata na gumamit ng lengguwahe upang masabi ang kanilang mga iniisip, ideya, at pakiramdam ay tinatawag na "expressive language" (o makahulugang pananalita).

Habang natututo ang mga bata ng mga salitang binibigkas , sila din ay natututo ng mga nakasulat na salita– sa pamamagitan ng mga libro, signs, at mga sulat. Bago matuto na magbasa ng mga salita, natututunan ng mga bata na ang mga nakasulat ay mga kumakatawan sa mga salita at bago magsulat, sila ay natututong gumawa ng mga marka at gumuhit ng mga larawan. Sa oras na sila'y tumungtong sa 5 taon, maiintindihan nila na binubuo ng mga letra ang mga salita at ang mga salita ay makakagawa ng mga kuwento na matututunan nilang basahin. Maraming mga 5 taong gulang na nakakabasa at nakakasulat na rin ng kanilang sariling pangalan.

© Copyright 2013, California Department of Education.

Governor's State Advisory Council
on Early Learning and Care

Paano natututong magsalita ang mga bata?

PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

IntroductionPanimula

Paano natututo ng wika ang iyong anak?

- Sa pangalawang taon ng buhay, nauunawaan ng mga bata ang maraming salita at nalilinang ang kanilang kakayahan na magsalita ng mas marami pang mga salita.
- Madalas, kapag natututunan lamang ng mga bata na magsalita, ang miyembro ng pamilya lamang ang nakakaunawa sa kanila. Ang kanilang kakayahan upang bumanggit ng malinaw na mga salita ay nililinang parin at pinag-aaralan parin nila ang mga patakaran sa komunikasyon, upang magkaroon sila ng kanilang sariling pamamaraan upang sabihin ang mga tiyak na salita o parirala, hal, “googie” para sa doggie. “Me frow it” para sa I’m throwing it o Inihahagis ko ito.
- Likas na sumusuporta ang mga kapamilya sa pag-unlad ng pagsasalita ng kanilang mga anak, sa pamamagitan ng pagtugon sa kanila sa pag-uusap gamit ang wastong anyo (hal, kapag sinabi ng bata na, “googie,” sumasagot ang magulang na. “Ito ay malaking doggie!” Nakakatuwa na, hindi nakatutulong na matuto ang mga bata ng wika kapag sinabi sa kanila ng matatanda na ang kanilang mga salita ay mali o sabihin sa kanila na ulitin ito hanggang maging tama. Ang mga bata ay likas na nagaganyak na gayahin ang iyong wika at matuto sa wastong anyo pagdating ng panahon mula sa karaniwang pakikipag-usap saiyo.
- Sa edad na ito ng mga bata, karaniwang giangamit ang isang salita upang tukuyin ang ilang mga katulad na bagay. Halimbawa, maaari nilang tawagin ang mga pusa, aso, kambing at tupa na, “mga kuting”. Kinikilala niya sila lahat ay pareho dahil mayroon silang balahibo at apat na paa, ngunit hindi pa nila natututunan na ang mga hayop ay may iba’t ibang pangalan.
- Ang pakikipag-usap sa 18 buwang taon ay maaaring maging ganito:
    - Bata: Doggie?
    - Magulang: May aso o doggie sa park kahapon.
    - Bata: Punta park mama?
    - Magulang: Maaari tayong pumunta sa park mamaya kung gusto mo. Dapat magbihis muna tayo. Sa palagay mo ba nandoon parin ang aso?
- Marami sa mga bagay na nagawa mo na kasama ang iyong anak ay makatutulong sa kanya na matutong magsalita. Ang kapamilya ay likas na nagkukuwento kung ano ang mangyayari ngayon sa mga bata. Ito ay makatutulong na iugnay ang mga salita sa mga bagay at karanasan na mayroon sila.

Pag-unlad ng Bilingguwal na Wika

Paaano natututo ng wika ang mga bata sa bilingguwal o hindi nagsasalita ng Ingles na pamilya?

- *Ang mga bata ay napaka dalubhasa sa pag-aaral ng wika at may kakayahan na matutunan ang dalawa o higit pang mga wika kahit na bago sila magsimulang mag-aral.*
- *Ang mga pamilya na nagsasalita ng wika sa bahay bukod sa Ingles ay maaaring gamitin ang kanilang sariling wika bilang kanilang pangunahing wika sa kanilang mga anak. Ang pag-aaral sa kanilang sariling wika ay nakatutulong sa mga bata na maramdamang konektado sa kanilang pamilya at kultura. Maaari din silang matuto ng Ingles kapag ang pamilya ay bilingguwal o maaari silang matuto ng Ingles kapag nagsimula na sila sa childcare o paaralan.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

- *Sinusuportahan ng pamilya ang pag-aaral ng wika sa pamamagitan ng pagsasalita, pagbabasa o pagkanta sa kanilang mga anak gamit ang sariling wika. Sa ganitong paraan natututo ng maraming kasanayan sa wika ang mga bata na makatutulong sa kanila kapag nagsimula na silang mag-aral ng Ingles.*
- *Tingnan ang iyong lokal na aklatan para sa mga aklat sa iyong sariling wika.*
- *Ang mga batang may ganitong oportunidad na maging bilingguwal sa batang edad ay makikinabang mula sa paggamit ng parehong wika sa buong buhay nila.*

Nauunawaang Wika

Ano ang pagkaunawa ng aking anak?

"Ang Nauunawaang wika" ay tumutukoy sa mga salita na naririnig at nauunawaan ng mga bata, kahit na bago sila makapagsalita sa kanilang sarili. Nauunawaan ng mga bata ang maraming salita kaysa sa mga nasasabi nila.

- *Ang pagkikinig sa iyong sinasabi sa kanila ay nakatutulong sa kanila na matuto ng mga salita.*
- *Ang mga bata ay nakikinig sa mga salita na direktang sinasabi sa kanila gayundin ang pakikipag-usap na nangyayari sa kanilang paligid.*
- *Binibigyang pansin din nito ang tono ng wika at sa edad na ito ay nagsisimulang unawain ang kahulugan ng tono gayundin ang mga salita. Halimbawa, maaari nilang mapansin kapag ang tono mo ay natutuwa, nagigiliw, bigo, o natatakot at sa huli ay matututunan kung paano gamitin ang tono sa kanilang sarili.*
- *Nauunawaan ng mga batang paslit ang mga simpleng hiling, lalo na kapag gumagamit din ang matatanda ng mga kumpas. Halimbawa, hinawakan ng matanda ang kanyang kamay at sinabi "paki-bigay mo sakin ang iyong sapatos."*
- *Marami sa mga bagay na nagawa mo na sa iyong anak ay nakatutulong sa kanya na matutong magsalita. Ang kapamilya ay likas na pinag-uusapan ang nangyayari sa ngayon, ano ang nangyari sa nakaraan at mga bagay na mangyayari sa hinaharap sa bata. Makatutulong ito sa mga bata na iugnay ang mga salita sa mga bagay at karanasan na mayroon sila.*

Wikang Nagpapahayag

Komunikasyon: Pagsasalita at pagbabasa

"Ang wikang nagpapahayag" ay kabilang ang lahat ng mga tunog at salita na nagagawa ng bata.

- *Ginagamit ng mga sanggol ang pag-iyak, mga tunog, at kumpas upang sabihin ang kanilang nararamdaman, pangangailangan at mga ideya.*
- *Kabilang sa mga kumpas ang mga bagay tulad ng pagkaway, pagturo, pag-abot at pagtulak.*
- *Maaaring paghaluin ng batang paslit ang mga tunog at salita nang magkasama kapag nagsisimula silang magsalita.*
- *Kapag nagsimula silang magsabi ng mga salita, minsan sinasabi lang nila ang bahagi ng salita, tulad ng unahan at hulihan nito, o maaaring gumawa ng mga tunog na kagaya ng ritmo ng salita.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

Paano natututong magsalita ang mga bata?

PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

- *Madalas silang gumagamit ng salita upang ipahayag ang isang buong diwa. Halimbawa, "kunin" na nangangahulugan na "kunin mo ako." "Uh-oh" na nangangahulugan na natapon o nabagsak o nabasag. "Mama" ay maaaring mangahulugan na "Nasaan si mama?"*
- *Inuulit ng mga batang paslit ang ilang mga salita na sinasabi natin sa kanila, lalo na ang huling sinabi.*
- *Kahit na hindi wasto ang pagsasabi ng mga bata noong una silang nagsalita, patuloy silang nagsasanay hanggang ang kanilang mga salita ay maging katulad ng saiyo.*
- *Ang mga batang paslit ay interesado sa mga aklat. Natutuwa silang maglaan ng oras kasama mo sa pagtingin at pagbabasa ng aklat. Nakatingin sila saiyo kapag binabasa, sinusundan ang mga larawan gamit ang kanilang mga bata, itinuturo ang mga larawan, inililipat ang mga pahina at sinasabi ang ilang mga bagay sa aklat.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

Paano natututong magsalita ang mga bata?

PAGBUBUO NG PANANALITA AT KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT

Narito ang ilang mga tip upang tulungan sa pag-unlad ng wika ng iyong anak at interes sa pagbabasa:

- *Sabihin sa iyong anak kung ano ang gagawin mo:*

  Mas natututo ng wika ang iyong anak kapag ito ay nauugnay sa isang bagay na nararanasan niya

  - *"Kukunin ko ang kapa para makalabas tayo*
  - *"Heto ang iyong kamiseta. Gusto mo ba akong tulungan na isuot sayo ito?"*
  - *"Igagawa kita ng quesadilla para sa tanghalian."*
- *Kapag nagpapakita ang iyong anak ng interes sa isang bagay, magbigay ng mga salita na naglalarawan kung saan sila interesado. Mas interesado ang iyong anak sa mga salita na naglalarawan sa kanyang interes.*
  - *"Tumingin ka sa langit. Naririnig mo ba ang eroplanong iyon?"*
  - *"Nakikita ko ang bato na nakita mo. Napakakinis nito."*
  - *"Matagal ka ng naghuhukay. Malaking butas iyan.'"*
- *Pag-usapan kung ano ang ginagawa ng iyong anak. Ito ay katulad ng "ipakita at sabihin." Gayundin, nararamdaman ng iyong anak ang isang bagay, natututo sila ng mga salita upang pag-usapan ito.*
  - *"Tumakbo ka ng napakatulin sa madamong burol!"*
  - *" Pinuno ng buhangin ang trak ng tambakan ng basura. Saan mo ito dadalahin?"*
  - *" Dinala mo ang iyong backpack mula sa sasakyan patungo sa apartment!"*
- *Pag-usapan kung ano ang inyong ginagawa. Ito ay katulad ng "ipakita at sabihin." Gayundin, nakikita ng bata ang isang bagay, natututo sila ng mga salita upang pag-usapan ito.*
  - *"Hinahanap ko ang sapatos ko"*
  - *"Inilalagay ko ang iyong pagkain sa mesa. Maaari mo bang itulak ang iyong upuan?"*
  - *"Tinitingnan ko upang makita kung kailangan mo ng magpalit ng lampin."*
- *Gumamit ng maraming salitang naglalarawan. Ito ay paraan para makabuo siya ng bokabularyo*
  - *"Tutulungan kitang humanap ng iyong paboritong kamiseta — isang may mahabang manggas, hood at bulsa sa unahan para sa iyong mga kamay."*
  - *"Narito ang iyong pinto beans. Minasa ko sila at prinito muli upang maging masarap sila para sayo."*
- *Pag-usapan ang nalalapit na hinaharap. Ito ay nagbibigay sa bata ng pagkakataon na magkaroon ng pangkaisipang paglalarawan tungkol sa kung ano ang mangyayari bago ito mangyari.*
  - *"Oras na mamaya para magsipilyo ng ngipin, isuot ang iyong pandiyama, magbasa ng kwento at matulog."*
  - *"Kunin natin ang ating pala at pandilig para makaalis na tayo at magtrabaho sa hardin."*
  - *"Pagkatapos nating magbihis, maaari na tayong magbasa ng aklat."*
- *Pag-usapan ang kamakailangang nakalipas. Nagbibigay ito sa mga bata ng pagkakataon na paunlarin ang kanilang pangkaisipang paglalarawan – ang alaala kung ano ang nangyari.*
  - *"Tayo ay umawit at pumalakpak sa kotse ngayon."*
  - *"Ikaw at ang iyong kaibigan ay gumuhit ng yesong larawan sa bangketa ngayon."*
  - *"Nagpaalam tayo kay mama. Pumasok siya sa trabaho."*
- *Bigyan ang iyong anak ng mga aklat.*

© Copyright 2013, California Department of Education.

Kung mayroon kang mga aklat na magagamit para sa iyong anak, matututo siya na pahalagahan ang mga aklat at basahin at matututunan din niya na pahalagahan ang mga iyon.

- *Ang pagkakaroon ng mga aklat sa paligid ng iyong anak ay nagpapahintulot sa kanya na ibilang sila sa iba't ibang bahagi ng kanyang araw.*
- *Ang paggamit ng maliliit ng board book sa iyong maliliit na anak ay nagpapahintulot sa kanila na makibahagi sa pagbuklat ng mga pahina nang mas madali, ngunit sinusubukan din niya na masiyahan ng mas matagal sa likod na pabalat ng mga aklat.*

- *Basahan ng mga aklat ang iyong anak. Ito ang unang karanasan ng iyong anak na "basahin" at ang panimulang hakbang para maunawaan niya ang mga aklat na naglalaman ng mga kwento, mga salita, at impormasyon para sa kanya.*
  - *Basahin ng mabagal upang magkaroon ng pagkakataon ang iyong anak na makinig sa iyong mga salita, suriin ang mga larawan at tumulong na buklatin ang mga pahina.*
  - *Madalas gusto ng mga bata na basahin ang parehong aklat nang paulit-ulit. Nakatutulong ito sa kanya na matutunan ang kwento upang mahulaan niya kung ano ang mangyayari.*
  - *Ang maaagang karanasan na ito sa mga aklat ay nakapagsisimula sa panghabang buhay na kagustuhan sa pagbabasa para sa iyong mga anak.*
- *Maaari kang gumawa ng mga simpleng aklat para sa iyong anak gamit ang mga larawan ng tao at mga bagay na gusto niya. Ang mga gawa sa bahay na aklat ay makatutulong sa kanyang makita na ang mga aklat ay maaaring kumatawan sa mga bagay na alam nila.*
  - *Maaari mong idikit ang mga larawan, isulat ang mga salita sa iyong kwento at ikabit, itali o i-teyp sa mga pahina na magkakasama.*
  - *Ang mga kwento ay hindi kinakailangang mahaba. Maaaring mga ilang pahina lamang. "Gusto ni James na sumakay ng scooter. Sumakay sya paikot-ikot sa kuting at tinapik niya ito. Noong natapos siyang sumakay sa scooter, pumasok siya sa loob upang kumain ng tanghalian.*
- *Pag-usapan ang mga larawan at aklat ng iyong anak. Ang pag-aaral sa mga larawang iyon na kumakatawan sa mga bagay ay unang hakbang upang matutunan ang mga titik na kumakatawan din sa mga bagay.*
  - *"Nakikita ko ang mga bituin sa langit. Nakikita mo ba ang mga bituin?"*
  - *"Nakikita ko ang maraming isda. Ano ang nakikita mo? (Kapag itinuro ng bata, maaari mong sabihin ang pangalan ng kanyang nakita.)*
  - *"Narito ang larawan ng abuelita at iyong tia."*

© Copyright 2013, California Department of Education.